

# Chapter One



“Tala Shine Harrison Rais.”

Pagkarinig ng pangalan ay agad tumayo si Tala upang magbigay ng kanyang speech. Ngayon ang araw na magtatapos siya ng Master of Social Work. At hindi lang siya basta magtatapos, dahil sa kanilang limang magkakaklase sa masteral class ay siya ang nanguna.

She cleared her throat before standing at the podium. “Para sa lahat ng naririto,” umpisa ng dalaga. Kumakabog ang kanyang dibdib. Hindi niya alam kung ano ang uunahin sa mga nararamdaman. Kinakabahan siya na natutuwa na nalulungkot dahil sa sari-saring dahilan.

“Inaalay ko po sa inyo ang aking tagumpay. At para sa aking mga magulang na masaya na sa langit ngayon, sana nandito kayo.” Napangiti siya. “Pero malay ko ba kung nandito nga kayo at pinapanood ako. Awoooooo!” Tumawa siya sa mikropono at nakisabay sa kanya ang lahat ng nakikinig sa bulwagang iyon.

Pumapalampak ang mga tao habang pababa si Tala ng entablado. Naiiyak siya dahil nami-miss niya ang mga magulang. Pero gayunpaman, nabawasan ang lungkot ng dalaga nang salubungin

siya ng yakap ng mga propesor na tumayong ikalawang mga magulang niya. Nagpasalamat siya sa mga ito at palihim na pinahid ang luhang kanina pa pinipigilan.

Ngayon ay alam na ni Tala ang nararamdaman. Naiiyak siya sa tuwa dahil napatunayan niyang mabait pa rin ang langit sa mga taong katulad niya. Nawalan man siya ng mga magulang, pinalitan naman iyon ng mapagmahal na mga guro at kaibigan. Alam niyang nakikisaya ang kanyang Daddy Juno at Mommy Luna sa langit.



Dumating siyang mag-isa sa graduation party nila.

Ayaw na sana niyang magpunta dahil maingay ang tugtugin. *Rock and Roll* kasi ang tema ng kanilang party at iyon ang musikang hindi niya maintindihan kung bakit tinawag na musika. Para sa kanya ay maingay iyon at masakit sa tainga.

Inilibot niya ang paningin para hanapin ang mga kaibigan. Nag-contact lenses siya dahil hindi bagay sa kanyang suot ang hard-rimmed glasses. Ang kaso, hindi siya sanay kaya nahihirapan siyang umaninag. Mabuti na lang at maliwanag pa ang nilalakaran ni Tala dahil hindi pa nagsisimula ang party. Maraming lobo at kurtina sa ceiling ng auditorium nila na kulay itim, puti at abo. May spotlights at may pa-smoke effect din ang setting

nila kaya nagmistulang maliit na concert hall ang lugar na iyon. Lahat ng makasalubong niyang lalaki ay naka-coat and tie at ang mga babae ay naka-long gown.

*Sa lahat naman ng Rock and Roll, ito ang formal attire, sabi niya sa sarili.*

“Tala!” Narinig niyang may tumawag sa kanya pero dahil sa lakas ng tugtog at sa dami ng tao, hindi niya mahanap ang pinanggalingan niyon. “Tala! Nandito kami!”

Mula sa isang mesa sa bandang kanan ng bulwagan ay nakita niyang kumakaway si Thalee kasama ang iba pa niyang mga kaibigan. Isa ito sa apat niyang kaklase sa masteral class. Napakaganda nito sa tube top gown na kulay itim. Nakaladlad lamang ang mahabang buhok nito sa isang balikat. Hindi niya maiwasang hangaan ang katawan ng kaibigan. Papasa ito bilang isang supermodel.

“Thalee!” Kumaway rin siya at nagmamadaling tinungo ang mesa nila.

Nagdaan pa ang ilang minuto bago pormal na nagsimula ang graduation party. Nadoble ang populasyon ng pamantasan nila nang gabing iyon dahil nagbitbit ng kani-kanyang date ang bawat estudyante. Pero dahil silang lima sa Master of Social Work ay mga walang boyfriend, nagpasya silang magkakaibigan na wala silang isasamang lalaki maliban na lamang kung kapatid ito o

kamag-anak. Nag-iisang anak si Tala at nasa malayong lugar ang mga kamag-anak. Kaya technically, wala siyang maaaring isama sa gabing iyon.

“Magsipag-boyfriend na nga tayo para sa susunod na party na pupuntahan natin ay may mga kakaladkarin na tayong lalaki,” palatak ni Jaydee, isa sa mga kaibigan niya at kaklase.

“Oo nga! Para hindi tayo naiinggit sa mga chikiting na nandito. Kung tutuusin ay seniors na tayong lima, pero tingnan ninyo ang mga bata, sila pa ang may mga kasamang boyfriend!” sang-ayon naman ni Lily habang palinga-linga sa mga nagdadaan sa mesa nila.

“Naku, hindi naman lahat ng magkasama diyan ay magkarelasyon. Tingnan mo 'yon.” Itinuro ni Flora ang isang lalaking mas malambot pa ang baywang kaysa sa kasama nitong babae.

Natawa silang magkakaibigan.

Naputol lang iyon nang sumigaw si Thalee.

“Tala! Tawag ka sa stage!”

Napangiwi siya dahil sa lakas ng sigaw nito sa kanyang tainga.

“Bakit ako?” Nalito ang dalaga dahil tumayo bigla ang mga kaibigan niya. Tumayo rin siya upang makisabay sa pauso ng mga ito.

“Kumanta ka na daw!”

May ugali ang mga kaibigan na tuwing lalabas

silá sa simple bars o kahit saan man silá gumimik basta may live band ay ibubuyo siya para kumanta. Naalala pa niya nang magpunta silá sa Baguio noon. Pagkatapos niyang kumanta sa stage ng isang beses ay nag-request pa ang mga tao. At nang matapos siya sa pagpe-perform ay sinimangutan siya ng acoustic duo na naka-schedule nang gabing iyon. Naagaw na kasi ni Tala ang atensyon ng lahat. Nilapitan pa nga siya ng manager ng bar para kuhaning regular na tutugtog at kakanta pero tinanggihan niya dahil hindi naman siya taga-Baguio.

Marahas niyang binalingan ang mga kaibigan. “Sino na naman ang may pakana?”

Nagtawanan lang ang mga taksil. Wala na siyang magagawa kundi sumunod na lang sa pakulo ng mga ito. Kunwari ay padabog siyang naglakad patungo sa entablado. Malapit na sana ang dalaga sa hagdanan nang bigla niyang maramdaman na may nakaapak sa dulo ng kanyang gown. Alam na niya ang mangyayari. Ipinikit niya ang mga mata.

*Oh my gosh! Lupa, kainin mo ako!*

Nakikinita na niya na magbebeso-beso siya sa pisngi ng lupa nang biglang may isang malakas na puwersang humila sa kanyang braso at kasabay niyon ang pagbunggo niya sa isang matatag na bagay.

*Thank you, Lord!* usal ni Tala.

Hindi natuloy ang pagkain ng lupa sa kanya. Salamat sa hero niya na hanggang ngayon ay hindi pa niya nakikita dahil nakapikit pa rin siya. Alam niyang dibdib ng lalaki ang kanyang nabunggo. Idagdag pa na nararamdaman niya sa mukha ang mainit na hininga nito. Pinigilan niya ang sarili na i-enjoy ang pagsinghot sa mabangong amoy na iyon.

*So masculine. Hmm.*

“Are you alright, Miss? You can open your eyes now.”

Napadilat siya sa boses na iyon. Ngayon niya nalaman na kahit sa normal speaking voice ng isang tao ay may ‘husky voice’ na tinatawag. Masarap pala iyon sa pandinig.

Sumalubong kay Tala ang nakakunot-noong mukha ng estranghero. He had the most gorgeous brown eyes she’d ever seen.

“Tinatanong kita. Hindi ko sinabing titigan mo ang mukha ko.”

“H-ha?” *Ang guwapo sana pero masungit naman.* “Ah, ano... Oo.” Tila siya naputulan ng dila sa pagtitig ng lalaki sa kanyang mga mata. Bahagya pang nakataas ang kilay nito.

Alam niyang napahiya na siya sa harap nito kaya para makabawi ay dali-dali niyang inilapat ang mga palad sa dibdib nito. Kahit naka-coat ay

ramdam niya ang malapad at matipunong dibdib ng taong nagligtas sa kanya.

*Lalo na siguro kung wala pa siyang damit, sabi ng isang bahagi ni Tala.*

Ipinilig niya ang ulo upang pumayapa ang isip at saka marahang itinulak ito palayo sa kanya.

“Thank you.”

“Sa susunod, huwag kang magsusuot ng ganyang damit kung hindi mo kayang dalhin. Hindi para sa mga lampa ang long gown.” Binigyan pa siya nito ng isang hagod ng tingin. “Bagay pa naman sana sa ’yo.”

Bumangon ang inis sa sistema ng dalaga. “Nagpasalamat na nga ako, di ba? Hindi mo na ako kailangan pang pagsabihan. Saka ano ba’ng pakialam mo?” Gusto na niyang bawiin ang pasasalamat niya rito kanina.

“May pakialam ako dahil ako ang nagligtas sa ’yo sa kahihyan na nangyari sana kung sumubsob ka dito.”

“Nagpasalamat na ako sa ’yo. Wala na akong utang-na-loob na tatanawin!” Kung akala ng herodes, ito lang ang may karapatang magsungit, puwes hindi siya papayag! Kung tutuusin, wala naman talaga siyang kasalanan sa nangyari. “Aksidente iyon at walang sinuman ang may gustong mangyari iyon.”

“Kung nag-iingat ka sana, hindi mo ako

maaabala.” Pinunasan ng estranghero ang damit na sa pakiwari niya ay nabasa dahil sa natapong inumin. May hawak rin kasi itong basong kalahati na lang ang laman.

Lalo siyang nagmalaki. “Sino ba kasi ang nagsabi sa ’yong hilahin mo ako? Kasalanan mo kung bakit ka natapunan ng inumin mo,” mataray niyang sabi.

“Hindi ka pa magpasalamat na tinulungan kita.”

Bingi ba ito? “Haller! Kanina pa ako nagpasalamat sa ’yo. Ikaw itong hindi maka-appreciate ng ‘thank you’ ko, kaya bahala ka sa buhay mo! Ang sungit-sungit mo!”

“Yeah. Whatever,” bulong ng lalaki.

Sakto naman na tinawag na si Tala ng emcee. “Let’s welcome, Miss Tala Shine Rais!”

Tinapunan niya ng huling tingin ang lalaki bago tuluyang umakyat sa stage. “Akala mo kung sino! Nakakainis!”

Pinilit niya ang sariling ngumiti nang tapatan na siya ng spotlight. Napatunayan niya ngayon na kapag sira na ang gabi niya, wala nang makakapagpabago ng kanyang mood. Nahirapan kasi siyang paskilan ng ngiti ang mga labi niya. “Pesteng lalaking ’yon.”



Nang makita ni Tala ang grand piano sa gitna ng entablado, isang kanta lang ang gusto niyang



awitin.

Tatal pulos rock music ang pinatutugtog mula pa kanina, gusto naman niya ng payapa sa pandinig. Gusto rin kasi niyang gawing payapa ang sistema niyang punong-puno pa rin ng inis.

Naupo na siya sa harap ng kulay puting grand piano at ini-adjust sa lebel niya ang mikropono.

“Hello?” She cleared her throat. “I dedicate this song to all of us who graduated today. Please enjoy. One more thing,” pahabol niya. May naisip kasi siya bigla. “Para sa masungit na lalaking umalalay sa akin sa pag-akyat ko sa stage, thank you ulit at sorry sa pagsusungit ko sa 'yo. Sana mag-sorry ka rin sa pagsusungit mo sa akin. Kung sino ka man, this song is also for you.”

Sinimulan na ng dalaga ang pagtipa sa piano. Habang umaawit ay unti-unti na ring nawawala ang kanyang inis. *“Fly me to the moon and let me play among the stars. Let me know what spring is like from Jupiter and Mars. In other words, hold my hand. In other words, darling, kiss me.”*

Feel na feel niya ang pag-awit. Nakapikit pa siya at nakangiti habang nag-e-enjoy sa ginagawa. Music is everything to her. Well of course, next to her chosen career. Mahilig si Tala sa mellow songs at hilig niyang gawing ballad style ang mga rock songs na nagugustuhan niya. Gumagawa siya ng sariling version kagaya ng ginagawa niya ngayon.

*“In other words, please be true. In other words, I love you.”*

Nagpalakpakan ang mga tao sa pagtatapos ng kanyang performance. Tumayo siya at mabining nag-bow sa harap ng lahat. Malinis na ulit ang budhi niya. Wala nang bakas ng inis. Hindi naman na kasi niya makikita pa ang antipatikong lalaking nanira ng kanyang gabi. Pagbalik niya sa mesa nilang magkakaibigan ay binati siya ng mga ito.

“Wala ka talagang kupas,” ani Jaydee. Inawit pa nito ang huling lyrics ng kanta. *“In other words, I love you.”* Pero dahil wala ito sa tono ay nagtawanan silang lahat.

“Where’s Thalee?” Luminga-linga si Tala upang hanapin sa paligid ang kaibigan.

“Sinundo lang niya ’yung date niya sa labas.”

“Wala yata siyang nababanggit na may boyfriend na siya.”

Mula sa likod niya ay sumagot si Thalee. “No. Not my boyfriend, but my brother.” Tumingin silang lahat dito. Nakaabresete ito sa isang lalaking nakasuot ng itim na Amerikana at red tie.

*Teka...*

Natutop ni Tala ang kanyang bibig nang ipakilala ito ng kaibigan.

“Everyone, this is my brother, Skyler Perez.”

## Chapter Two



“Hello, girls. It’s nice to finally meet you. You can call me Sky,” panimula ng lalaki.

“Kuya, ngumiti ka naman,” untag ni Thalee rito.

Tumawa ang mga kaibigan niya pero hindi nakisali si Tala sa mga ito. Parang zombie kasing bumangon sa dibdib niya ang inis para sa lalaking kapatid pala ng kaibigan. Ito ang lalaking nakaengkuwentro niya kanina!

“Grabe, Thalee! Ang tagal mo namang ipinagkait sa amin ang kaguwapuhan nitong kuya mo!” ani Lily, na nagtu-twinkle pa ang mga mata.

Natawa si Thalee. “Palagi kasing busy itong si Kuya. Buti nga at nakasama siya ngayon. Kuya, hindi masama kung ngingiti ka kahit konti lang,” anito pagbaling sa kapatid. Wala pa rin kasing emosyon na makikita sa mukha nito.

“Ikaw?!” malakas na sabi ni Sky. Nakatingin na pala ito sa direksyon niya.

“Ako nga. May problema ka?” taas-noo niyang sagot.

Nagpalitan naman ng tingin ang mga kaibigan, tila nalilito sa kanilang dalawa.

“Magkakilala na kayo ni Kuya?” nagtatakang tanong ni Thalee.

“Kanina lang. Your brother helped me earlier. Muntik na kasi akong matumba. 'Yung... 'Yung masungit na lalaki na sinabi ko sa stage kanina, siya 'yon. Hindi ko naman kasi alam na kapatid mo pala siya,” she explained while avoiding his gaze. Baka kasi imbis na makapagpaliwanag siya nang mahinahon ay maisigaw niya lang lahat ng salitang gusto niyang sabihin sa sobrang inis na nararamdaman.

“Ah... pasensya ka na kay Kuya Sky, Tala. Medyo masungit nga siya talaga pero mabait naman siya.” Thalee smiled at her apologetically.

“Hindi ko nahalatang mabait siya,” mataray niyang sagot at saka humalukipip.

“Ako na ang magso-sorry para kay Kuya, Sis.” Binalingan nito ang kapatid. “Ikaw naman, Kuya, bawasan mo nga 'yang pagsusungit mo dahil hindi 'yan mabuti sa kalusugan nating lahat na nandito.”

Natawa ang mga kaibigan niya.

Nang matapos ang party, nagpaalaman na silang lima. May sari-sarili naman kasi silang mga sasakyan kaya hindi na nila kailangang ihatid ang isa't isa.

Matiwasay naman ang kabuuan ng pagdiriwang. Nag-enjoy si Tala kasama ang mga kaibigan kahit pa kasama sa grupo nila ang Sky na iyon na nanira ng kanyang gabi. Itinuring na lang niya itong invisible. Ilang beses niyang nahuli itong

nakitingin sa kanya, marahil ay nakokonsyensya sa pagiging antipatiko ngunit iniirapan lamang niya ang pobreng binata.

“Ingat kayo ha? Text-text tayo kapag nakarating na kayo sa mga bahay n’yo,” bilin ni Flora.

“Dahan-dahan sa pagmamaneho, Lily,” paalala niya sa kaibigang gusto yatang sumali sa *Fast And Furious*.

“I’ll take care of myself, Sis.”

Nagyakap pa silang magkakaibigan. At si Sky? Hayun at nakasandal lang sa kotse nila Thalee. Sabay sila ng dalaga na naglakad dahil magkatabi ang mga kotse nila.

Iaatras na sana niya ang sasakyan nang may kumatok sa bintana ng kanyang kotse. Ibinaba tuloy niya iyon.

“Tala.” Boses ni Sky ang narinig niya. Kakaiba nga lang dahil mahinahon iyon at parang nanunuyo pa. Napilitan tuloy siyang dungawin ito.

“Bakit?”

“I... I just want to apologize for how I acted earlier. Hindi ko alam na kaibigan ka pala ng kapatid ko.”

“Puwede naman palang hindi palaging pagalit ang tono mo kapag nagsasalita, eh,” bati niya rito.

“Yon lang ang gusto kong sabihin. Ingat ka.” Pagkasabi niyon ay tumalikod na ito at naiwan siyang nakatanga roon.

“Suplado! Sayang talaga ang hitsura n’ong kolokoy na ’yon. Malakas ang topak.” Iling-iling lang si Tala hanggang sa tahakin na niya ang daan pauwi.



“You may now kiss the bride.”

Kasabay ng palakpakan ng mga tao ay pumailanlang sa buong simbahan ang tinig ni Tala habang tumutugtog ng piano.

*“Mahal kita, walang hanggan. Iibigin ka, ikaw lamang. Itatangi ko magpakailanman. Hinding-hindi ka iiwan. Mahal kita, ang langit ko. Ang puso ko’y tanging sa ’yo. Sa aking pangako, sana’y umasa ka. Mahal kita, mahal kita, wala nang iba.”*

Ibinuhos niya ang lahat ng damdamin sa pag-awit. Kahit maraming beses na siyang kumakanta sa mga kasal ay naluluha pa rin siya. Parang gusto na rin niyang maniwala na totoo ang ‘happily ever after’ kapag ikinakasal ang dalawang taong nagmamahalan.

Naniniwala ang dalaga na kagustuhan ng langit na magsama ang dalawang tao kaya nauuwi iyon sa pag-iisang dibdib. Tumataba rin ang puso ni Tala dahil nagiging bahagi siya sa kasiyahan ng mga taong nakahanap ng tunay na pag-ibig.

Bukod sa araw-araw na pagpasok niya sa isang foundation bilang isang social worker, kinukuha rin siyang wedding singer kapag libre siya ng oras o di

kaya ay weekend.

Kung tutuusin, hindi niya kailangan ng isa pang pagkakakitaan dahil sumosobra pa ang sweldo ni Tala para sa sarili. May naiwan din namang ari-arian ang kanyang mga magulang para sa kanya. Ngunit ayaw niyang bitiwang ang pagkanta lalo na kung ito ay para sa dalawang taong nagmamahalan. Hindi niya mahindian ang mga ito, lalo na't siya talaga ang ini-request sa kaibigan niyang si Flora. Social worker din ito pero sideline nito ang pagiging wedding planner.

Mula kolehiyo ay kaibigan na niya ang babae. Sa kanilang lima, silang dalawa ang unang nagkakilala. Magkapitbahay kasi ang mga pamilya nila sa Tagaytay. Nang malaman nito noon na kumakanta siya sa mga receptions at gatherings ay nagsabi ito sa kanya na kukuhanin siyang isa sa mga official singers tuwing may ipaplanong kasal ang mga ito.

Ang nanay ni Flora ang talagang nagmamanege ng negosyong iyon. Pumayag naman itong tumulong-tulong kapag maayos ang schedule nito. Hanggang sa minana na nga ng kaibigan ang negosyo dahil nagkasakit ang ina nito. At ayon dito, siya daw ang pinakamabentang wedding singer ng mga ito.

Nang matapos ang picture taking ng mga bagong kasal, iniligpit na ni Tala ang mga gamit

at naghanda na para umuwi. Marami pa siyang naiwang dokumento na kailangang pag-aralan. Hindi lang talaga niya matanggihan ang kasal na ito.

Inilagay niya sa compartment ng kotse ang mga instrumentong dala. Nang maisara ang hood ay napasinghap siya. Bigla kasing sumulpot ang isang lalaki at nakasandal ito sa gilid ng kanyang sasakyan.

“Hi, Tala.”

Kumabog ang kanyang dibdib. Akala niya ay may lumitaw na multo roon. Nakaputing barong kasi ito. “Sky! Ano’ng ginagawa mo dito?”

Halos dalawang linggo na mula noong unang ‘engkuwentro’ nila ng lalaki. Ang akala niya ay iyon na ang una at huli nilang pagkikita dahil sabi ni Thalee, sobrang abala raw ang kuya nito sa pagtatrabaho. Kaya gulat na gulat siya na kaharap niya ang binata ngayon at binati pa siya.

Sa pagkakatanda ni Tala, suplado ito, masungit at hindi ngumingiti. She studied him for a moment. Nanibago kasi siya sa aura nito. Parang hindi na nito pasan ang daigdig. Wala lang. Iyon kasi ang napansin niya sa lalaki noong una.

Ramdam niyang init na init na ang lalaki dahil namumuo na ang pawis nito sa noo at leeg. Para naman siyang tanga na ultimo pawis ay nakikita pa niya. Tumikhim si Tala at naglakad patungo sa



driver's side.

“Not happy to see me?” nakataas ang isang kilay nito.

“Ikaw yata ang hindi masayang makita ako rito.” Kumunot ang noo ni Sky sa sinabi niya. “Hindi ka kasi ngumingiti. Hindi ka ba marunong n'on?”

“Marunong ako. Hindi ko lang feel ngumiti ngayon. By the way, I am a friend of the groom.”

Hinintay niya kung may sasabihin pa ang kaharap. Baka kasi bigla na lang siyang kagatin. May saltik kaya ito? Minsan masungit, minsan medyo bumabait.

“Parang may bago sa 'yo?” kunwa ay kinikilatis niya ang binata.

Kumunot ang noo nito at sinipat ang sarili.

“Parang wala naman.”

“Meron.”

“Ano?” May pagtataka sa mga mata ni Sky.

“Binati mo kasi ako.”

“Ah. Naisip ko lang kasi na baka isipin mong suplado ako kapag hindi kita pinansin man lang,” paliwanag ng kausap.

“Well, guess what? Naisip ko na talaga na suplado ka,” natatawang sagot ni Tala.

“Well, guess what? Hindi sa lahat ng pagkakataon.” Ginaya nito ang kanyang tono.

Hindi tuloy napigilan ng dalaga ang

mapahalakhak. Hindi na rin niya maramdaman na once in her life, nagawa niyang mainis sa kaharap.

May itinatago rin pala itong kakulitan sa katawan. Iyon nga lang, hindi pa rin ito ngumingiti. Kailangan lang siguro talaga na may mag-trigger sa kakulitan ng lalaki para lumabas.

“Magaling ka talagang kumanta, ano?” pag-iiba ni Sky sa pinag-uusapan nila.

“Hindi naman masyadooooow,” eksaheradang sagot niya. Baka sakaling mahawa ito sa kasiyahan niya sa buhay.

“Ipinakita sa akin ni Thalee ’yung ginawa niyang video channel mo sa Internet.”

“Ah, itsinismis na pala ako ni Bespren sa ’yo. Oo, ginawan nga niya ako n’on.”

Namayani ang katahimikan sa pagitan nila. Balak na niyang magpaalam nang magsalita ito muli. “Where are you going?”

“I’m about to go home.”

“Already?” Tumingin ang lalaki sa wristwatch. “Let’s have lunch first.”

Nagulat na naman si Tala. Una, binati siya nito. Ikalawa, nakipagkuwentuhan ito sa kanya. At ikatlo, niyaya siya nitong kumain. Nagbagong-buhay na yata ito bigla. “Hindi ka ba sasama sa reception ng kaibigan mo?”

Umiling si Sky. “Naiinitan na ako sa suot ko. Kapag sumama pa ako sa kanila, kailangang

nakasuot pa rin ng barong. Ayoko na.”

Nakita niyang naghuhurumentado na ang mukha nito. Natawa siya. Tama ang nakita ni Tala sa itsura nito na init na init na. “Niyayaya mo ba akong kumain sa labas?”

“Wala namang kainan sa loob, Tala. So yeah, sa labas nga,” pamimilosopo nito.

*Hah! Antipatiko pa din!*

“Like a date?” pangungulit niya.

Umismid ito. “If you like to call it like that. Ano?”

Hindi na niya naitago ang ngiti. “Saan ba tayo kakain?”

“Ako na lang ang magmamaneho. Hindi ko dala ang sasakyan ko,” seryosong sabi ng lalaki.

“Ang lakas mong makaaya. Makikisakay ka lang yata, eh!” biro niya.

Hindi na magpapadala si Tala sa kasungitan nito. Nakitaan niya kasi ang lalaki ng pag-asang maging asal-tao.

*Yong normal na tao. Yong nag-jo-joke, tumatawa, ngumingiti...*

“Parang gan'on na nga rin,” tipid nitong sagot. Natawa siya. “Okay.”



Alas onse na ng tanghali nang dumating si Mrs. Apostol, ang director at head ng foundation na pinapasukan ni Tala.

“I know it’s almost lunch,” pahayag nito pagpasok sa conference room kung saan natipon ang lahat ng staff ng *We Love Children Foundation*. “I am so sorry for being late.”

Ngayon ang araw ng monthly reporting at planning nila. Isa-isa silang nag-ulat ng mga trabahong nagawa at ang kasalukuyang estado ng mga proyekto. Malaki ang saklaw ng foundation nila na pinopondohan ng mga international sponsors.

May proyekto sila para sa street children, nagbibigay ng feeding program at iba pang nutrisyunal na pangangailangan, nagpapagawa ng mga day care centers sa mga liblib na probinsya at nagsasagawa ng mga seminar para sa mga magulang tungkol sa tamang pag-aalaga at pagpapalaki ng mga anak. They also award scholarships and sponsorships for outstanding students from different schools all over the country.

Bagaman karamihan ng proyekto nila ay para sa mga bata, inatasan ni Mrs. Apostol si Tala na iorganisa ang isang fund raising concert bilang pagtulong sa mga nabiktima ng nagdaang lindol sa Visayas. Hindi naman tumanggi ang dalaga dahil natapos na niya ang kanyang trabaho para sa buwan na iyon at marami siyang oras sa pagsasaayos ng concert.

Napili niyang ganapin iyon sa isa sa mga

unibersidad na may malaking open field sa Maynila. May inatasan na rin siyang tao para mamili ng mga banda na tutugtog. Hindi pa niya personal na nakikita ang mga grupo kaya nagschedule siya ng isang meeting para personal na makita at mapasalamatang ang mga ito.

Siyempre fund raising ang activity na iyon. Tiniyak sa kanya na mabubuting banda ang napili at pumayag ang lahat na makisali kahit walang bayad. Bukas ang meeting na itinakda niya para sa mga kasali sa concert.

It was already past two in the afternoon when the meeting was adjourned. Gutom na silang lahat.

“Ang kuripot talagang magpa-lunch ni Ma’am,” reklamo ni Lily. Parehas sila ng pinapasukang trabaho pero magkaiba sila ng assignments.

Natawa si Tala. “Hayaan mo na! Diet-diet din tayo pag may time.”

“Hay naku, Sis. Gusto kong pumayat, oo, pero ayaw kong magutom.”

Pagdating nila sa ikaanim na palapag ng gusali kung saan naroon ang mga cubicle nila ay mabilis niyang hinablot ang kanyang backpack at niyaya nang lumabas si Lily.

Kumakalam na ang tiyan nila lalo na si Tala dahil hindi siya nakapag-umagahan nang araw na iyon. Sumakay sila sa elevator pababa sa lobby.

She opened her bag and started looking for her

car keys. “Promise, mamayang gabi ay lilinisin ko na itong bag ko. Parang may mahahalungkat na akong ahas dito,” reklamo niya.

Bumunghalit ng tawa ang kaibigan habang pinapanood siya. “Kailan mo ba huling inayos ’yang bag mo, Tala? Labhan mo naman!”

“Hoy! Nilalabhan ko ito, ’no! Hindi ko lang maalala kung kailan ko huling inayos,” palusot niya.

Naiinis na siya dahil hindi niya mahagilap ang hinahanap.

Hindi namalayan ni Tala na bumukas na ang pinto ng elevator. Sinundan niya lang sa paglalakad ang kasama habang patuloy pa rin sa paghahalungkat ng gamit.

“Ganito ba talaga ang oras ng tanghalian n’yo dito sa opisina n’yo?”

Natigilan si Tala at hinanap ang pinanggalingan ng boses. “Sky?”



## Chapter Three



**S**a halip na sagutin siya ay kinuha ni Sky ang bag niya at isinara.

Isinukbit din nito iyon sa magkabilang balikat. Parang naging bato si Tala sa kinatatayuan.

*Ano ang ginagawa mo dito, Sky?* tanong niya sa isip.

Ilang araw na ang lumipas mula noong kumain sila sa labas ng binata. Again, she thought she would never see him after that. Marami talagang maaaring mamatay sa maling akala. Tulad na lamang niya. Nakalimutan na yata niyang huminga dahil sa biglaang pagsulpot ng lalaki.

Nakakunot-noo ito ngunit maaliwalas ang dating. Unlike before, he was now wearing the kind of clothes that suited his image. Nakaitim na T-shirt lang ito na tinernuhan ng faded jeans at high-cut *Chuck Taylor*. Malayong-malayo sa amerikana at barong nito noon.

“Ang tagal mong bumaba.”

Mabilis siyang nakabawi sa pagka-shock.

“Katatapos lang kasi ng meeting namin.”

Nagtataka siya kung bakit naroon ito pero hindi na niya isinatinig iyon. Baka kasi bigla itong mag-walk out. Sigurado pa naman siyang may maluwag

sa mga turnilyo ng lalaki sa utak. Daig pa nito ang babae sa sobrang bilis ng pagbabago ng mood.

Masaya siya dahil naroon ito. Hindi niya alam kung bakit, pero nagliwanag ang nagugutom niyang mood nang makita si Sky.

Napansin ng binata ang pananahimik niya kaya pumitik ito sa tapat ng kanyang mukha. “Gutom ka na nga. Ang tahimik mo na, eh.”

Hinawakan ni Sky ang pupulsuhan niya at nagpatiuna na sa labas ng gusali. Nagulat na naman siya sa ginawa nito sa hindi na niya mabilang na pagkakataon. End of the world na ba?

“Sandali, kasama ko si Lily!” Inilibot pa ni Tala ang paningin pero hindi na niya makita ang kaibigan.

“Huwag mo nang hanapin. Nakita ko na sumabay na siya sa iba n’yo pang kasama.”

“Baka ako naman ang hanapin niya,” reklamo niya.

“Hindi. Nakita niya ako. At saka hindi naman siguro siya magagalit kung aagawan ko siya ng kasabay kumain,” may pagkainip nitong sagot. Lumingon pa ito bago siya hilahin palapit sa isang sasakyan na naroon sa parking area.

“Tala,” tawag ni Sky, “dito tayo sasakay sa kotse ko. Mukha kasing kinain na ng bag mo ang susi ng kotse mo.”

Naloka siya sa joke na iyon. Wait. “Did you just



crack a joke?” hindi makapaniwalang usal niya.

“Hindi ba tunog-joke ’yong sinabi ko?”  
seryosong tanong nito.

Natawa siya. “So, you actually meant that as a joke?”

“Hindi na ako mag-jo-joke sa susunod. Ang slow mong maka-gets,” wala pa ring emosyong anang lalaki.

Hindi na talaga niya mapigilang mapabunghalit ng tawa. “At ako pa talaga ang slow? Sino kaya ang nagbibiro na pero ni hindi pa rin magawang ngumiti man lang?”

Nagkibit-balikat lang ito. Ipinagbukas siya ni Sky ng car door sa passenger side bago nito tinungo ang kabilang pinto.

Napansin niyang hindi umiimik ang lalaki.

“Napikon ka na yata sa kakulitan ko.” Nilingon niya ito at napansin na seryoso pa rin ang mukha nito. Well, palagi naman itong seryoso. “Hoy,” untag pa niya. Tinusok-tusok pa ni Tala ang braso nito ngunit derecho lang sa daan ang tingin ng binata. “Sky!” Ini-snob pa rin nito ang tawag niya.

*Okay, fine. Ayaw mong magsalita, eh, di ’wag!*  
Humalukipkip siya at tahimik na tinitigan na lang din ang daan.

“Gotcha!” kapagkuwa’y sabi ng lalaki.

Nilingon niya ito dahil nagulat siya sa biglaang pagsasalita ni Sky. “What?”

Nagkamot ito ng ulo. “That was supposed to be a joke.”

Dahil nga nagulat siya sa biglaang pagsasalita nito, medyo mabagal din ang processing ng mga pangyayari sa utak niya. “Ahh... O-okay.” Then, she slowly got what just happened and turned to him, not suppressing a sheepish grin. Pinalo niya ito sa braso.

“Aray! Ngayon ko lang nalaman na may pagkabayolente ka pala!” Nakangiwi ito habang hinihimas ang braso.

Okay. Marunong na itong mag-joke at nakakaramdam ng sakit. *Tao nga siya!*



Magkatabi sila ni Sky habang kumakain.

Dinala siya nito sa isang restaurant sa isang mall sa Cubao. Hindi niya mapigil ang pagsilay ng ngiti habang palihim itong pinagmamasdang kumain. Hindi niya alam kung bakit nandoon ito sa opisina nila. Wala siyang ideya.

*Baka may pinuntahan sa ibang office tapos nakita niya ako at binati para hindi ko na naman sabihin na suplado siya.*

“Ano’ng ginagawa mo sa office namin?” tanong niya.

“May pinuntahan ako sa third floor.”

“Ah.” Sinabi na nga ba ni Tala, may pinuntahan lang ito roon.

*As if namang sasadyain niyang puntahan ka, tudyo ng isip niya.*

*Why not?* sagot naman ng isa pang bahagi. Ipinilig niya ang ulo para matigil na ang pagtatalo sa isip niya. *Ano ba itong mga naiisip ko?*

“Engineer’s office ang nasa third floor. Ano’ng ginawa mo d’on?” nakakunot-noong usisa ni Tala habang sumusubo ng ice cream.

Sumubo rin ang lalaki. “Maybe because I am an engineer?” sarkastikong sagot nito.

“Sungit. Nagtatanong lang, eh.” Umismid siya. “If I know, pinuntahan mo talaga ako. Hinintay mo pa nga siguro akong bumaba kaya ka nandoon sa lobby kanina.”

“Eh, ano naman kung gan’on nga?”

“Eh... di...” *Masaya! Ako talaga ang sinadya mo rito!* “Wala lang.” Hindi na siya magsasalita.

“Hmm.”

“Ano’ng ‘hmm’ ka diyan?”

“Eh... di... wala lang!” panggagaya nito sa kanya.

Tuluyan na siyang natawa. Nagiging makulit na rin kasi ang binata. Nahahawa na yata sa kanya. At masaya siya na siya ang nagti-trigger ng kakulitan ni Sky sa katawan. Ilang beses pa lang silang nagkakasama nito pero unti-unti na itong nagiging tao, iyong taong may emosyon.

“You’re really a musician,” puna nito sa kanya.

“Paano mo naman nasabi?”

“Kasi tawa mo pa lang, ang sarap nang pakinggan.”

*Oh...my...God!* “Boom!” Umakto na lang si Tala na parang si *Boy Pick-Up*. Hindi niya kasi alam ang sasabihin sa lalaki. “Marunong ka palang bumanat, Sky. Hindi halata, ah?” Umabot na sa tainga ang ngiti niya.

“Minsan,” tipid na sagot na naman nito. Sa buong oras na magkasama sila ay hindi ngumingiti ang lalaki kahit pa sinusubukan nitong mag-joke, kung joke ngang matatawag ang mga banat nito.

“Ang tipid mo talagang mag-react, ’no? Pero in fairness, Sky, may emosyon ka na ngayon. Kaunting-kaunti pa nga lang pero natatanaw ko na ang bright future mo. Palagi ka ngang sasama sa akin para mahawa ka sa kakulitan ko,” biro niya.

“Okay,” tanging sagot lamang ni Sky.

“Sasama ka nga sa akin palagi?” nagtata kang tanong ng dalaga.

“Oo nga.”

“Hindi nga?” Hindi pa rin siya makapaniwala.

“Kulit,” palatak nito habang nakakunot ang noo.

Natawa na naman si Tala. Natutuwa talaga siya sa tandem nila ng lalaki. Makulit siyang tao at kung mahahawa ito sa kanya, hindi niya ma-imagine ang magiging hitsura nito.

“Maganda ’yong rendition mo ng ‘Moon River’ sa video channel mo,” pag-iiba nito sa usapan.

“Thank you at nadagdagan na naman ang member ng fans club ko,” natutuwang tugon ng dalaga.

“You mean, sikat ka na?”

“Hindi, ’no.”

“S’abi mo may fans club ka na.”

“Oo nga.” Then, she started counting with her fingers. “My parents, si Thalee, Jaydee, Flora at Lily.” She chuckled.

“At ako,” sabad ni Sky. Nilingon niya ang kausap. Hindi ito nakangiti ngunit may kung ano sa mga mata nito na nakapagpa-twinkle niyon. “Idagdag mo na ako.”

Ano ba ang mga napapansin niya sa lalaking ito na bipolar yata? May pa-‘twinkle-twinkle’ pa siyang nalalaman ngayon.



“Thank you for coming here today kahit late na ang abiso ko tungkol sa meeting na ito.”

Tala was standing amidst the different Indie bands who gathered for the fund raising concert. She was smiling and pouring her deepest appreciation to these music artists who would help the foundation.

“Bilang head ng committee na naka-assign sa fund raising concert, ngayon pa lang ay

pasasalamatan ko na kayo dahil sa pagtugtog n'yo nang libre.”

“We will do the best we can to help the victims of the earthquake, Miss.” Mula sa isang tumpok ng mga kalalakihan sa bandang kanan ni Tala ay nagsalita ang isang lalaki. May hawak itong drumsticks at nilalaro iyon sa mga daliri.

“Thank you,” magiliw niyang tugon. “And before I forget, my name is Tala Rais. Kung may pangangailangan kayo regarding our activity, you can ask me directly.” Idinikta niya ang kanyang work contact number. “Kung wala na pong mga tanong, let’s meet again next month for our concert. Thank you.”

Nang matapos ang meeting ay isa-isang naglabasan ang bawat grupo. Mayroong tatlumpung banda ang nagtipon-tipon doon at sa dami niyon ay hindi na niya matandaan isa-isa. Mula sa pag-aayos niya ng mga dalang papeles ay nag-angat ng tingin ang dalaga nang may tumawag sa kanya.

“Miss Tala!” Ito ang lalaking may drumsticks kanina. “Uwi ka na?”

“Not yet, Sir. Babalik pa ako sa office. You are...?”

“Spin,” sagot nito. “Spin Samonte.” Iniabot ng lalaki ang kamay na malugod naman niyang tinanggap.

“So, Spin, drummer ka?”

“Yeah. Medyo obvious, ’no?” Sabay taas ng hawak nitong drumsticks.

“Alam mo sa lahat ng instrumento, drums ang hindi ko matutunan. Nakakabilib ka naman!” bati ni Tala.

Tumawa ito nang malakas. “You want to learn?”

Tumango siya bilang pagtugon.

“I offer drum lessons. I operate a music school for children. Baka gusto mong mag-enrol? Free ka na doon.”

“Wow! Saan ba ’yan?” Sinabi nito ang address. “Malapit lang ’yan sa office namin! Dadaan ako doon bukas para makapagsimula na.” Para siyang bata sa sobrang excitement na nararamdaman.

“See you tomorrow then,” anito na nakangiti pa rin sa kanya. Nag-offer pa ito na ihahatid siya pero dahil dala naman niya ang sasakyan ay naintindihan nito nang tumanggi siya.

Napaigtad si Tala sa gulat nang may tumapik sa kanyang balikat. “Sky,” anas niya.

“Hi,” bati nito. “Kanina pa sana kita lalapitan pero mukhang busy ka.” Nahimigan niya muli ang pagsusungit sa tono nito. Well, normal naman na iyon para rito pero nang sundan niya ang tinitingnan ni Sky ay nakita niya si Spin na naglalakad palayo.

“Ah. Si Spin iyon. Nakipagkilala lang.” Ibinaba

niya ang tingin sa mga dala niyang folders. Hindi niya gustong isipin na ang drummer ang dahilan ng pagsusungit ng lalaki dahil palagi nga itong masungit, pero gumana kasi ang instinct niya bilang isang babae. May pakiramdam siyang hindi nagustuhan ni Sky si Spin.

*Assuming ka agad, Tala?* kastigo niya sa isip. Napailing na lamang siya sa mga naisip niya. “Ano’ng ginagawa mo rito?”

Nagkunot-noo ito at bumuntong-hininga. “Hindi mo pala ako napansin kanina sa meeting.”

“Banda ka rin?” nagtatakang tiningnan niya si Sky.

“Ako ang vocalist ng banda namin noong college pa. Isa kami sa bandang inimitahan n’yo.” Nagkamot ito ng ulo. “Ang akala ko pa naman ay nakita mo ako kanina.”

Tinapik din niya ang balikat ng binata. “Kumakanta ka pala?” Nagulat siya for the nth time. Ang masungit at supladong ito ay *songer* din pala!

“Now you know.” Umismid pa ito.

“Sungit! Sa susunod kasi, magpakita ka agad sa akin.”

Nagkibit-balikat lang ito. “Tara na nga, ihahatid na kita sa kotse mo. ”Tapos, susundan kita pabalik sa office mo. ”Tapos, sasakay ka sa kotse ko at sabay tayong magmemerienda.”



Napatanga siya sa walang prenong pagsasalita ng lalaki. “Hindi ka ba hiningal sa mga sinabi mo?”

He poked her forehead. “Sira. Halika na,” yaya nito. Ang bait-bait na talaga nito sa kanya. “Ayaw mo ba?” anang binata nang mapansing nakatulala lang siya sa harap nito.

Siyempre gusto ni Tala!

Ngayon lang niya naisip, maraming guwapong lalaki kanina sa meeting nila. Mga magaganda ang katawan at malinis tingnan kahit na mahahaba ang buhok. Kahit kay Spin ay naguwapuhan siya.

Pero nang maituon na niya ngayon ang atensyon kay Sky, babawiin na niya ang naisip na maraming guwapong lalaki sa meeting kanina. Dahil nasa harap niya ngayon ang nag-iisang guwapong lalaki para sa kanya.

*Ay, may gan'on na ngayon, Tala?*

*Natutuwa lang ako sa kanya kasi mabait na siya.*

*Ows?*

“Tara na nga.” Sa wakas ay nakabawi siya sa pakikinig sa nagtatalong mga bahagi ng kanyang isip.

